



### **Nagpapatuloy ang Lungsod ng Brampton sa dahan-dahan at ligtas na muling pagbubukas sa pagtanggap ng Ordinansa ng Mandatoryong Pagsusuot ng Mask**

BRAMPTON, ON (MarsoSO 18, 2022) – Nagpapatuloy ang Lungsod ng Brampton sa muling pagbubukas na may pokus sa kaligtasan at kalusugan, na ang staff ay dahan-dahan at ligtas na bumabalik sa opisina at sa mga lokasyon ng trabaho sa Lungsod.

#### **Ordinansa sa Pagsusuot ng Mask**

Inamyendahan ng Lungsod ang [Ordinansa ng Mandatoryong Pagsusuot ng Mask para sa COVID-19 ng Brampton](#) na mag-i-expire sa Lunes, Marso 21, 2022. Ito ay kaayon sa mga rekisito sa pagtatanggap ng mga kautusan ng Lalawigan ng Ontario sa pagsusuot ng mask sa karamihan sa mga lugar sa kaparehong mga petsa..

Patuloy na kakailanganin ang mga mask sa piling mga lugar tulad ng public transit at mga indoor terminal, mga health care setting, mga tahanan ng long-term care at congregate care settings. Hinihiling sa mga residente na igalang ang mga gustong magpatuloy sa pagsusuot ng mga mask sa mga lugar kung saan hindi na kakailanganin ang mga ito.

Sa ilalim ng Ordinansa ng Mandatoryong Pagsusuot ng Face Mask, ang mga hindi medikal na mask ay kinakailangan para sa lahat ng indoor na mga pampublikong espasyo para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad. Nakatakda itong mag-expire sa Abril 1, 2022 bago ang pag-amyenda.

#### **Brampton Transit**

Patuloy na kakailanganin ang mga mask sa lahat ng bus ng Brampton Transit at sa mga terminal ng Brampton Transit kaayon sa [mga regulasyon ng Lalawigan](#). Nananatiling ginagawa ang paglilinis at ang pag-sanitize, at ang mga pasilidad na may matitigas na surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang [@bramptontransit](#) sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring idirekta sa Contact Centre ng Lungsod ng Brampton sa 905.874.2999.

#### **Recreation**

Simula sa Marso 21, ang mga indibidwal na pumapasok sa mga sentrong libangan ng Lungsod ay hindi na kakailanganing magsuot ng mask. Ang mga gustong patuloy na magsuot ng mask kapag gumagamit sa mga libangang pasilidad ay welcome na gawin ito.

Ang mga limit sa kapasidad at mga hinihinging patunay ng pagpapabakuna sa mga sentrong libangan ay tinanggal ayon sa mga regulasyon ng lalawigan kamakailan na tinanggal. Ang mga Sentrong



Libangan ay bukas para sa registered at drop-in programming. Ang paunang pagpapa-register ay hindi kailangan para sa mga pagbisita sa mga sentrong libangan, gayunpaman inirerekumenda na bilhin nang pauna ng mga panauhin ang mga serbisyo online dahil ang lahat ng serbisyo ay paunahan.

Mag-browse at mag-register para sa mga available na programa sa [www.brampton.ca/registerforprograms](http://www.brampton.ca/registerforprograms), sa pamamagitan ng pagtawag sa 311, o nang personal sa alinman sa sentrong libangan ng Lungsod.

### Mga Delegasyons

Mananatiling remote ang mga delegasyon para sa lahat ng pagpupulong ng Lungsod hanggang Miyerkules, Marso 30, 2022. Paglipas ng Marso 30, ang personal na mga delegasyon ay papayagan, habang available pa rin ang remote na pagsali.

Ang paparating na iskedyul ng pagpupulong ng Lungsod ay makikita [dito](#).

### COVID-19 Screening

Ang pre-screening ay hindi na kakailanganin para makapasok sa mga pasilidad ng Lungsod, kabilang ang mga pasilidad ng Libangan (Recreation). Hinihikayat ang mga residente na magpatuloy sa pananatili sa bahay kung masama ang pakiramdam nila.

Nagpapasalamat ang Lungsod sa mga residente sa paggawa ng kanilang parte sa buong pandemya sa pamamagitan ng paglayo mula sa iba, pagmimintina sa kalinisan at pagsusuot ng mga mask para makatulong sa pagpigil ng pagkalat. Dapat uunahin ng mga residente ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad sa pamamagitan ng pananatili sa bahay kung may sakit, at pagpapabakuna at pagpapa-booster laban sa COVID-19. Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna sa COVID-19, bisitahin ang [vaccine portal](#) ng Lalawigan.

-30-

#### KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng  
Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)